# Ang Halimbawa ni Brigham Young

## Talakayan 1


### ANG HAMON NG PAGSASALITA SA HARAP NG MARAMING TAO

Magsimula sa pamamagitan ng pagtatanong ng tulad sa mga sumusunod:

- Ano ang nadarama mo tungkol sa pagsasalita sa harap ng maraming tao? Bakit?

Basahin o ibuod ang sumusunod:

Isa sa pinakamalalaking hamon para kay Brigham Young ay ang pagsasalita sa harap ng maraming tao. Sabi niya, "Halos hindi ko maipahayag nang mabuti ang aking sarili gaya ng sinuman" (*sa Journal of Discourses*, 5:97). Ginunita niya ang isang pagkakataon kung saan, isang linggo matapos siyang mabinyagan, inasahan niyang mangangaral ang apat na bihasang tagapagsalita na mga miyembro ng Simbahan, ngunit hindi nila ito ginawa. Sabi niya:



> Hindi pa ako mahusay sa pagsasalita sa harap ng maraming tao at sa kaalaman tungkol sa mundo; subalit ang Espiritu ng Panginoon ay napasaakin, at nadama ko ang napakatinding kagustuhang magsalita tungkol sa ebanghelyo at kausapin ang mga tao at sabihin sa kanila ang aking nakita, narinig at natutuhan—ang naranasan ko at nagpagalak sa akin; at ang unang mensaheng aking ibinigay ay natapos nang mahigit sa isang oras. Ibinuka ko ang aking bibig at pinuno ito ng Panginoon ng mga salita. (Brigham Young, sa *Journal of Discourses*, 13:211)

- Ano ang mahirap sa ginawa ni Brigham Young?

Anyayahan ang mga estudyante na basahin ang Doktrina at mga Tipan 100:5–6 (tingnan din sa Exodo 4:12; Mga Kawikaan 16:1). Pagkatapos ay itanong:

- Paano nauugnay ang karanasan ni Brigham Young sa mga talatang ito?
- Ano ang natututuhan ninyo tungkol sa Panginoon na makatutulong sa inyo?

Ibahagi kung ano ang nadarama mo tungkol sa pagtitiwala sa Panginoon at pagiging handang ibahagi ang nalalaman mo.

## Talakayan 2

### ANG SAKRIPISYO NI BRIGHAM UPANG MAKAPAGLINGKOD

Magsimula sa pamamagitan ng pagtatanong ng tulad ng sumusunod:

- Ano ang mga dapat isakripisyo upang makapaglingkod sa isang misyon?

Basahin o ibuod ang sumusunod:

Sa mismong taon na bininyagan si Brigham Young, pumanaw ang kanyang asawa. Napakahirap na sakripisyo ang ipaalaga pansamantala sa iba ang kanyang dalawang anak at maglingkod sa mga misyon sa New York at upper Canada, kung saan bininyagan niya ang ilang tao.

Matapos maglingkod sa isang misyon nang humigit-kumulang isang taon, inilarawan ni Brigham ang kanyang pagdating sa Kirtland, Ohio:



> Kung may isa man sa mga nakipagtipon sa mga Banal na higit na pulubi kaysa sa akin—iyon ay dahil walang-wala siya. . . . May dalawa akong anak na inaalagaan. . . . Isa akong balo. . . . Walang sapatos sa aking mga paa maliban sa hiniram na mga bota. Wala akong damit panlamig, maliban sa isang amerikanang ginawa sa bahay na ginamit ko na ng tatlo o apat na taon. . . . Naglakbay ako at nangaral at ibinigay ang bawat dolyar ng aking ari-arian. (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 273)

Anyayahan ang isang estudyante na basahin ang Lucas 18:18–23, at alamin ang pagkakaiba ng tugon ni Brigham Young sa mga paanyaya na maglingkod at ng taong nakisalamuha sa Tagapagligtas sa salaysay na ito.

- Ano ang nalalaman mo tungkol sa Panginoon na maaaring makatulong sa atin upang maging handang gumawa ng mga sakripisyong tulad ng ginawa ni Brigham Young?
- Bukod pa sa paglilingkod sa mga misyon, sa ano pang paraan ninanais ng Panginoon na magsakripisyo tayo upang makapaglingkod sa Kanya?

Ibahagi kung ano ang nadarama mo tungkol sa pagiging handang magsakripisyo upang makapaglingkod sa Panginoon.

## Talakayan 3

### MISYON NI BRIGHAM SA ENGLAND

Magsimula sa pamamagitan ng pagtatanong ng tulad ng sumusunod:

- Ano ang ilang dahilan kung bakit kailangan ng isang missionary ang tulong ng Panginoon?

Basahin o ibuod ang sumusunod:

Matapos makapag-asawang muli at maglingkod sa lima pang misyon, si Brigham ay tinawag, kasama ang iba pang Apostol, upang maglingkod sa isang misyon sa England.

Inilarawan ni Brigham ang kanyang misyon:



> Dumaong kami . . . bilang mga dayuhan sa di kilalang lupain at wala ni kusing, ngunit sa pamamagitan ng awa ng Diyos nagkaroon kami ng maraming kaibigan, nakapagtayo ng mga Simbahan sa halos lahat ng kilalang bayan at lungsod sa kaharian ng Britanya, nakapagbinyag ng mga pito hanggang walong libo, nakapaglimbag ng 5,000 Aklat ni Mormon, . . . at iniwang nakatanim sa puso ng marami ang mga binhi ng walang hanggang katotohanan . . . : sa lahat ng bagay na ito ay pinasasalamatan ko ang kamay ng Diyos. (*Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: Brigham Young* [1997], 6–7)

Anyayahan ang mga estudyante na basahin ang mga salita ni Ammon sa Alma 26:12–13. Pagkatapos ay itanong:

- Paano maikukumpara ang pahayag ni Brigham Young sa pahayag ni Ammon?
- Sa iyong palagay, bakit mahalaga ang pag-asa sa Panginoon kapag nagsisikap kang maglingkod sa Kanya?
- Paano mo sinubukang umasa sa Panginoon habang naglilingkod ka sa Kanya?

Ibahagi ang iyong mga naiisip o nadarama tungkol sa pag-asa sa Panginoon habang naglilingkod ka sa Kanya.



© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_441-1